

# LEARNING STRAND 1 KASANAYANG PANGKOMUNIKASYON SA FILIPINO

MODYUL 4: MAGPAPADALA KA BA SA AGOS O LALABANAN MO ITO?

ALS Accreditation and Equivalency Program: Junior High School







**MAGPAPADALA KA BA SA  
AGOS O LALABANAN MO ITO?**

---

**KASANAYANG PANGKOMUNIKASYON SA FILIPINO  
MODYUL 4**

**ALS Accreditation and Equivalency Program:** Junior High School  
**Learning Strand 1:** Kasanayang Pangkomunikasyon sa Filipino  
**Modyul 4:** Magpapadala Ka ba sa Agos o Lalabanan Mo Ito?

Inilimbag ng United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization  
UNESCO Office, Jakarta taong 2020  
Jalan Galuh II No. 5, Kebayoran Baru, Jakarta, Indonesia

*and*

Kagawaran ng Edukasyon  
DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City, Philippines

Karapatang sipi © UNESCO and DepEd 2020

Ang publikasyon na ito ay magagamit sa ilalim ng Attribution-Share Alike 3.0 IGO (CC-BY-SA) 3.0 IGO license (<http://creativecommons.org/licenses/by-sa/3.0/igo/>). Kaakibat ng paggamit ng nilalaman ng publikasyon ito, ang mga gumagamit ay tatanggapin ang mga tuntunin sa paggamit ng UNESCO Open Access Repository (<http://www.unesco.org/open-access/terms-use-ccbysa-en>).

Ang lahat ng materyal na iprinisinta sa kabuoan ng publikasyon na ito ay hindi nagpapahiwatig at nagpapahayag ng anomang opinyon ng kahit na sinomang parte ng UNESCO sa usapin ng legal na katayuan ng anomang bansa, teritoryo, lungsod o lugar, mga awtoridad nito, o kahit na ang mga hanggahan nito.

Ang pagpili ng mga materyal at opinyon na nakapaloob sa publikasyon ay responsibilidad ng mga manunulat, at hindi ng UNESCO.

Ang modyul na ito ay ginawa at inilimbag para sa proyektong “Better Life for Out-of-School Girls to Fight Against Poverty and Injustice in the Philippines” na may suportang pampinansiyal mula sa Korea International Cooperation Agency.

Inilimbag ng APC Printers Corporation  
Inilimbag sa Makati City, Philippines

ISBN 888-888-8888-88-8

## DEVELOPMENT TEAM



Jenelyn Marasigan Baylon	Master Teacher I, ALS Task Force (On-detail)
Kristine Lee S. Lumanog	Education Program Specialist II, ALS Task Force (On-detail)
Judy R. Mendoza	Project Development Officer III, Bureau of Learning Resources
Reyangie V. Sandoval	Education Program Specialist II, Bureau of Learning Resources
Josephine C. Intino	Senior Education Program Specialist, Bureau of Curriculum Development
Eric U. Labre	Senior Education Program Specialist, Bureau of Learning Resources
Roderick P. Corpuz	Supervising Education Program Specialist, ALS Task Force
Daisy Asuncion O. Santos	Chief Education Program Specialist, Bureau of Learning Resources
Marilette R. Almayda	Director III/Head, ALS Task Force
Ariz Delson Acay D. Cawilan	Officer-In-Charge, Office of the Director IV, Bureau of Learning Resources
G. H. S. Ambat	Assistant Secretary for Alternative Learning System Program and Task Force
Tonisito M. C. Umali	Undersecretary for Legislative Liaison Office, External Partnership Service and Project Management Service
Leonor Magtolis Briones	Secretary



Nanette Amongol	Author
Chinita Ann Francisco	Content Expert
Bernadette Sison	Admin and Finance Staff
Mildred Parbo	Project Lead
Ma. Teresita Medado	President

### Content and Language Evaluators and Instructional Design Reviewer

Joselito D. Daguison	Schools Division Office of Pangasinan I, Department of Education
Mary Ann C. Macaranas	Pangasinan State University
Rechie O. Salcedo	Schools Division Office of Iriga City, Bicol Region, Department of Education



United Nations  
Educational, Scientific and  
Cultural Organization

Ade Sandra	Admin and Finance Assistant
Rusyda Djamhur	Project Assistant
Marmon Abutas Pagunsan	National Project Consultant
Remegio Alquitran	National Project Officer
Maria Karisma Bea Agarao	National Programme Coordinator
Mee Young Choi	Head of Education Unit
Shahbaz Khan	Director and Representative

# Gabay sa Gagamit

*Para sa mag-aaral:*

Malugod na pagtanggap sa Learning Strand 1 Filipino ng Alternative Learning System (ALS) Junior High School Modyul para sa araling Magpapadala Ka ba sa Agos o Lalaban Mo Ito?

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral sa iyong sariling pamamaraan at bilis ng pagkatuto. Hangad din nito na madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.



***Kilalanin***

Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul.



***Subukin***

Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul.



***Layunin***

Ang seksiyon na ito ay nagbibigay ng maikling talakayan ukol sa aralin. Nilalayan nitong matulungan kang matuklasan at maunawaan ang mga bagong konsepto at kasanayan.



***Tuklasin***

Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain, o isang sitwasyon.



***Suriin***

Sa seksiyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.



***Linangin***

Binubuo ito ng mga gawain para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.



***Isagawa***

Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.



***Tandaan Mo***

Dito matatagpuan ang mga buod ng mga aralin sa modyul na ito.



***Pagtataya***

Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.

***Susi sa  
Pagwawasto***

Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

***Talahulugan***

Ang bahaging ito ang nagbibigay ng impormasyon ukol sa kahulugan ng mga salitang ginamit sa modyul na ito.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

***Sanggunian***

Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anomang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang Subukin bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin ang lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang iyong guro o tagapagdaloy. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakukuha ka nang malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# NILALAMAN

<b>Kilalanin</b>	1
<b>Subukin</b>	3
<b>ARALIN 1: Paglalahad Ng Sariling Pananaw/Opinyon/Paninindigan Emosyon/Mungkahi</b>	6
Layunin	6
Tuklasin	7
Suriin	9
Linangin	17
Isagawa	25
<b>ARALIN 2: Pagbibigay-puna o Pagpapahayag ng Opinyon</b>	26
Layunin	26
Tuklasin	27
Suriin	29
Linangin	32
Isagawa	34
<b>ARALIN 3: Paggamit ng Pandiwa Bilang Aksiyon, Pangyayari, at Karanasan</b>	37
Layunin	37
Tuklasin	38
Suriin	40



# NILALAMAN

---

Linangin	44
Isagawa	46
<b>Tandaan Mo</b>	47
<b>Pagtataya</b>	49
<b>Susi sa Pagwawasto</b>	54
<b>Talahulugan</b>	57
<b>Sanggunian</b>	58





## MODYUL 4

# KILALANIN

---

Kumusta ka na? Marami ka na bang natutuhan sa mga naunang modyul? Ito na ang ikaapat mong modyul at tulad ng mga naunang modyul, ito ay inihanda upang gabayan ka sa patuloy mong pagtuklas ng karunungan at pagpapabuti sa sarili.

Tiyak na maiibigan mo ang mga bagong paksa na magbibigay sa iyo ng mga gawain na magdudulot ng kaalaman at lalinang sa iyong mga kasanayan lalo na sa pagsulat ng sanaysay. Inaasahan na habang isinasagawa mo ang mga gawain ay patuloy mong kagigiliwan ang pagsasakatuparan ng mga susunod pang bahagi nito.

**Nahahati sa tatlong aralin ang modyul na ito:**

**Aralin 1:** Paglalahad Ng Sariling Pananaw/Opinyon/Paninindigan  
Emosyon/Mungkahi

**Aralin 2:** Pagbibigay-puna o Pagpapahayag ng Opinyon

**Aralin 3:** Paggamit ng Pandiwa Bilang Aksiyon, Pangyayari, at Karanasan

Bawat aralin ay binubuo ng mga gawain at pagtalakay na tutulong sa iyo habang pinag-aaralan ang bawat bahagi nito. Ang mga ito ay ginamit na mga materyal upang matamo mo ang mga inaasahang kasanayan o kompetensi.

## MODYUL 4

---

**N**anonood ng balita sina Chin at William. Hindi nila maiwasang maging madamdamin sa pagbabahagi ng kanilang sariling pagtingin sa isyu habang sinasabi ang kanilang mga opinyon. Tulungan natin sila na makabuo ng kanilang opinyon at pananaw.



Ano-ano ang mga matututuhan mo sa modyul na ito? Ang modyul na ito ay magbibigay sa iyo ng kakayahang maisagawa ang sumusunod:

- Naisusulat ang isang sanaysay na naglalalahad ng sariling pananaw tungkol sa napapanahong isyu o paksa (LS1CS/FIL-PU-PPE-JHS-25)
- Naibibigay ang sariling pananaw o opinyon batay sa binasang anyo ng sanaysay (talumpati o editorial) (LS1CS/FIL-PB-PPD-JHS-60)
- Nabibigyang-puna ang mga nababasa sa mga social media (pahayagan, TV, Facebook, email at iba pa) (LS1CS/FIL-PB-PPD-JHS-61)
- Nagagamit ang salitang kilos o pandiwa sa pagsasalaysay ng mga personal na karanasan (LSCS/FIL-PS-PPB-BL/MB-19)
- Nagagamit nang wasto ang mga pang-ukol (LS1CS/FIL-PS-PPB-MB-24)



## MODYUL 4

# SUBUKIN

- I. **Panuto:** Basahin ang editoryal na “**BARTER: IN o OUT?**” ni Nanette Amongol. Magbigay ng sariling pananaw/opinyon/puna sa nasabing editoryal. Ilagay ito sa iyong sagutang papel.

### **BARTER: IN O OUT?**

NANETTE AMONGOL



Naging matunog sa social media simula noong nagsimula ang community quarantine ang mga tinatawag na “*Barter Groups*” kung saan ibinabalik ang dating kultura ng pagpapalitan ng produkto. Hindi gumagamit ng pera sa palitan na ito kundi produkto sa produkto.

Ayon kay Gel Manalo (2020) “Sa virtual barter community na ito, buhay ang diwa ng bayanihan dahil hinihikayat ang mga miyembro na makipagpalitan ng produkto tulad ng gulay, prutas, mga pampalasa at produktong pampanganda nang hindi gumagamit ng pera.”

Naniniwala rin siya na nagsimula ang barter dahil umano sa pagsasara ng maraming negosyo at establisimyento. Ito ang naisip ng ilang Pinoy na paraan para makuha ang kanilang mga pangangailangan na siyang natupad sa mga barter groups. (Manalo, 2020)

## MODYUL 4

---

Talaga namang nagkalat na sa buong Pilipinas ang mga grupong ito. Mayroon na sa Las Piñas, Bacolod, Taguig, at sa marami pang lugar sa bansa.

Sa aking palagay, isang magandang inisyatibo ang pagkakaroon ng barter lalo na't ito rin ang panahon na walang pinagkakakitaan ang mga tao, kaya ibig sabihin, wala ring pera. Barter groups ang naging daan upang magkaroon o makuha ang mga pangangailangan sa pamamagitan ng pakikipagpalitan ng mga pagmamay-arang bagay sa iba.

Nagpapakita rin ang gawaing ito ng pagiging malikhain ng mga Filipino sa paglutas sa mga suliranin na kinakaharap nila sa buhay. Gayundin, naipakikita nito ang isa sa pinakamagandang pagpapahalaga ng mga Filipino, at iyon ay ang pakikipagkapuwa. Talagang napaka-kolektibo ng ating kultura na nauunawaan natin ang pangangailangan ng iba dahil nasa pare-pareho tayong sitwasyon.

**II. Panuto:** Sagutin ang sumusunod na tanong ayon sa pagkaunawa mo sa binasang editoryal o teksto.

1. Ano ang iyong opinyon, pananaw, panig, o puna tungkol sa online barter system na umusbong sa social media?
2. Ikaw ba ay nakaranas na ng Online Barter? Kung “Oo”, isalaysay kung paano ang naging proseso nito. At kung “Hindi”, sabihin ang iyong palagay kung paano isinasagawa ang Online Barter?

**III. Panuto:** Salungguhitan ang pang-ukol na angkop gamitin sa bawat pahayag. Isulat ang iyong sagot sa isang malinis na papel.

1. (Batay sa, Sa aking pananaw), kinilala ng Konstitusyon ng 1987 ang malaking gampanin ng mga kabataan sa pagbuo ng nasyon.
2. (Akala, Ayon kay) Hontiveros, “ang bata ay marapat lamang na lumaki, hindi ikinukulong at inaasahan na maging magulang”.
3. Sa (isang banda, aking palagay), ang edukasyon ay kailangan ng ating kabataan sapagkat ito ang kanilang sandata upang maging matagumpay sa buhay.
4. Hindi maganda na ilabas ang pangalan ng mga kabataan na nagkasala dahil maaari itong magdulot sa kanila ng trauma. (Sa isang banda, Samantala), mabuti na rin na sila ay makilala at baka makapambiktima pa sila ng ibang tao.
5. Ang pamahalaan ang tagapangalaga sa karapatan at kapakanan ng mga mamamayan, (samantala, sa kabilang dako) tungkulin naman ng mga mamamayan na sumunod sa mga batas na ipinatutupad sa bansa.



# PAGLALAHAD NG SARILING PANANAW/ OPINYON/PANININDIGAN/EMOSYON/ MUNGKAHI

Sa lipunang iyong ginagalawan, mahalagang ikaw ay may sariling pananaw sa mga nagaganap sa iyong lipunan. Ito ay isang patunay na ikaw ay nakikisangkot sa mga isyung panlipunan na kinakaharap ng bansa at ng mga mamamayan.

Pagkatapos ng aralin, inaasahang kaya mo nang isagawa ang sumusunod:



Naisusulat ang isang sanaysay na naglalahad ng sariling pananaw tungkol sa napapanahong isyu o paksa (LS1CS/FIL-PU-PPE-JHS-25);



Naibibigay ang sariling pananaw o opinyon batay sa binasang anyo ng sanaysay (talumpati o editorial) (LS1CS/FIL-PB-PPD-JHS-60); at



Nagagamit nang wasto ang mga pang-ukol (LS1CS/FIL-PS-PPB-MB-24).






# ARALIN 1

## TUKLASIN

**Panuto:** Basahin mo ang inihandang ulat ni Chin tungkol sa iba't ibang isyu sa bansa. Bigyan ng pansin ang mga salitang nasalungguhan.


### 1. Parusang Kamatayan

Sa aking pananaw, ako ay hindi pabor sa parusang kamatayan dahil ang lahat ng tao ay may karapatang mabuhay at magbagong buhay kung siya man ay nakagawa ng krimen.



### 2. Pagkalulong sa Droga


Ayon sa DOH, ang pagkalulong sa bawal na droga ay talaga namang nakasisira ng buhay. Ito ay nagdudulot ng maraming problema sa lipunan kagaya ng pagnanakaw, pagpatay, at marami pang iba.



### 3. Pagsasabatas ng Diborsiyo

Para kay Steven, siya ay pabor sa pagsasabatas sa Diborsiyo. Sa kadahilanang, maaaring tumaas pa ang bilang ng tinatawag nating “Domestic Abuse” o pagsasakitan ng mag-asawa dahil hindi na sila nagkakasundo sa maraming bagay.

Ito rin ay makatutulong sa mga bata na makaiwas sa trauma habang lumalaki sa pamilyang hindi na nagkakaintindihan.




# ARALIN 1

---

## 4. Polusyon

Batay sa DENR, isa ang polusyon sa lumalalang problema sa bansa. Hindi na mapigilan ang pagdami ng basura, kemikal, at pagdami ng tubig at hangin. Sa aking palagay, dapat na itong masugpo bago pa maapektuhan ang kalusugan ng mga mamamayan.




Sang-ayon ka ba sa saloobin o pananaw na isinulat niya? Alin ang katulad at salungat sa iyong sariling saloobin o pananaw?



# ARALIN 1

## SURIIN

Simulan nating pagyamanin ang iyong kaalaman at kakayahan tungkol sa sanaysay.



## ANO ANG SANAYSAY?

Batay sa diksyonaryo, ito ay isang komposisyong pampanitikan sa isang natatanging paksa na higit na maikli at pormal kaysa sa alinmang akda. Nagtataglay ng sariling pananaw, paniniwala at kaisipan ng sumusulat, at isang angkop na paraan ng pagpapahayag ng kaisipan sa pagtuklas ng galaw ng buhay.

Ang sanaysay ay unang ginamit ng isang Pranses na manunulat na si Michael Montaigne na siyang kinikilala bilang Ama ng Sanaysay. Ang mga likha ni Montaigne na tuluyang piyesa ay tinawag niyang *essais* o *attempt* upang matawag itong isang kompleto at pormal na disertasyon. Matapos nito, ang iba't ibang manunulat ay ginamit ang sanaysay upang gawing talaan ng kanilang mga ideya, karanasan, at saloobin.

## ARALIN 1

---

Para kay Clipenger (1912), ito ay isang maikling kathang diskurso na hindi nagnanais na maging perpekto at kompleto sa pagtalakay ng isang paksa. Ito ay ekspresyon ng sariling opinyon. Ang pinakamahalagang bahagi ng isang sanaysay ay karaniwang makikita sa punto-de-vista ng isang mananaysay.

Ang sanaysay ayon kay Alejandro G. Abadilla (AGA) ay “nakasulat na karanasan ng isang sanay sa pagsasalaysay.” Ang sanaysay ay nagmula sa dalawang salita: *ang sanay at pagsasalaysay*. Ito ay panitikang tuluyan na naglalahad ng kuro-kuro, damdamin, kaisipan, saloobin, reaksiyon, at iba pa ng manunulat hinggil sa isang makabuluhan, mahalaga at napapanahong paksa o isyu.

Ayon naman kay Rubin (1989:91), ito ay isang anyong pampanitikang naglalahad ng mga kontemporaryong usapin at paksain sa nagbabagong mundo. Ang mahalaga sa anyong ito ay ang pagbabahagi ng manunulat ng kaniyang karanasan at di pa namamalayang pananaw tungkol sa mga nagbabago niyang paligid. Dahil dito, ang sanaysay ay maituturing na isang makabagong anyo.

Para naman kay Genoveva Edroza Matute (GEM), ang sanaysay ay pagtalakay sa isang paksa sa paraang tuluyan at sa malayang paraang naglalantad ng kaisipan, kuro-kuro, palagay, at ng kasiyahan ng sumusulat, upang umaliw, magbigay-kaalaman o magturo.

## Sangkap ng Sanaysay

### 1. Tema at Nilalaman

Ang sanaysay ay isang anyo ng masining na paglalarawan ng buhay sa isang makatotohanan at makasining na paraan. Dahil dito, anomang tema kaugnay ng buhay ay maaaring paksain ng sanaysay. Bukod dito, ang nilalaman ng sanaysay ay makatutulong sa pagpapayaman ng kaisipan at pagpapalalim sa pang-unawa.

### 2. Anyo at Estruktura

Kinakailangan ang isang maayos at lohikal na paglalahad ng mga detalye. Upang ito'y matamo, ang awtor ay kinakailtanggap gumamit ng iba't ibang paraan ng pagpapahayag tulad ng:

- **Paglalarawan**

Naglalayong ipamalas sa mga mambabasa ang kaanyuan ng isang bagay, tao o pook at ipakita ang mga kaibahan nito sa kaniyang mga kauri o katulad.

- **Pagsasalaysay**

Nagsasaad ng mga pangyayari o karanasang magkakaugnay o karaniwang sumasagot sa mga katanungang “sino”, “saan”, “kailan” at “ano”.

- **Pangangatuwiran**

Naglalayong maglahad ng mga katuwiran upang palitawin ang mga katotohanan ng isang bagay o pangyayari.

- **Paglalahad**

Nagpapaliwanag, nagbibigay-katarungan at pakahulugan upang makapagbigay-kaalaman sa mambabasa.

### 3. **Wika at Istilo**

Hindi kailangang gumamit ang mananaysay ng mga salitang maliligoy, malalalim, at matatayog upang ang sanaysay ay maging mabisa. Higit na mabuti kung gagamit siya ng simple, natural at matapat na mga pahayag. Higit na mabuti kung piling-piling mga salita ang gagamitin niya sa paglalahad ng mataas na kaisipan sa pinakamalinaw at payak na paraan.

Ang bawat awtor ay may kani-kaniyang istilo na maaring makilala sa pamamagitan ng ginamit na wika at salita. Kaya nga sinasabing ang istilo ng manunulat ay salamin din ng kaniyang personalidad. Nakikita sa kaniyang pamamaraan ang kanyang pagiging mapagbiro, matapat, seryoso, mapang-uyam, at iba pa.

# ARALIN 1

---

## Paglalahad ng Sariling Pananaw/Opinyon/Paninindigan/Emosyon /Mungkahi

Ang iyong mga nabasang pahayag sa Tuklasin ay mga halimbawa ng paglalahad ng sariling pananaw/opinyon/paninindigan/emosyon/mungkahi. At upang maisakatuparan ito nang may magandang daloy ng impormasyon, ito ay ginagamitan ng mga hudyat sa paglalahad ng opinyon o pananaw.

Halimbawa na lamang ay ang pananaw na “Para kay Steven, siya ay pabor sa pagsasabatas ng Diborsiyo. Sa kadahilanang, maaaring tumaas pa ang bilang ng tinatawag nating “*Domestic Abuse*” o pagsasakitan ng mag-asawa dahil hindi na sila nagkakasundo sa maraming bagay. Ito rin ay makatutulong sa mga bata na makaiwas sa *trauma* habang lumalaki sa pamilyang hindi na nagkakaintindihan.”



Gumamit ang manunulat ng hudyat na “Para kay” upang magbigay ng pahayag na mula sa iba pang tao, bukod sa kaniya.

Upang lubos mo pang maunawaan ang paksa, dumako na tayo sa pormal na talakayan nito.

Ang mga hudyat na iyong nakita sa Tuklasin ay karaniwang makikita sa unahan/simula ng pahayag upang suportahan ang ating pananaw.

Tunghayan at unawain ang talahanayan.

# ARALIN 1

---

MGA PANG-UKOL NA GINAGAMIT KAPAG MAY PINAGMULAN ANG IMPORMASYON		
Nabalitaan mo ba?	Napansin mo?	Ganito 'yon...
<p><b>Sang-ayon</b> sa Inquirer.net, nagpasa si Sen. Risa Hontiveros ng Senate Bill No. 1888 na pumipigil sa mga paaralan na tanggalin ang mga estudyanteng nagdadalang-tao.</p> <p><b>Batay sa</b> Konstitusyon 1987, Artikulo II, Seksiyon 13, kinikilala ng estado ang malaking gampanin ng mga kabataan sa pagbuo ng isang nasyon.</p> <p><b>Ayon kay</b> Riza Hontiveros, isa sa mga Senador, “Ang mga bata ay marapat lamang na lumaki, hindi ikinukulong at inaasahan na maging magulang”.</p>	<ul style="list-style-type: none"><li>• batay sa</li><li>• para sa</li><li>• sang-ayon sa/kay</li><li>• ganoon din sa paniniwala</li><li>• ganoon din sa pananaw</li><li>• ayon</li></ul>	<p>Kapag may sasabihin tayo na pinagmulan ng impormasyon</p>



# ARALIN 1

---

MGA PANG-UKOL NA GINAGAMIT SA PANINIWALA NA WALANG MATIBAY NA PATUNAY		
Nabalitaan mo ba?	Napansin mo?	Ganito 'yon...
<p><b>Sa paniniwala ko</b> ang pagkakaroon ng isang mataas at matibay na edukasyon ay isang paraan upang mabago ang takbo ng isang lipunan.</p> <p><b>Sa aking pananaw</b> ang edukasyon ay kailangan ng ating kabataan sapagkat ito ang kanilang sandata sa buhay.</p> <p><b>Sa tingin</b> ng maraming guro, ang pagkatuto ng mga mag-aaral ay hindi lamang nakasalalay sa kanila kundi maging sa mga magulang.</p>	<ul style="list-style-type: none"><li>• akala</li><li>• sa aking pananaw</li><li>• sa paningin ko</li><li>• tingin ko</li><li>• palagay ko</li><li>• palagay ni</li></ul>	<p>Kapag nagbibigay ng sariling opinyon</p>

# ARALIN 1

---

MGA PANG-UKOL NA GINAGAMIT SA PAG-IIBA NG PANANAW		
Nabalitaan mo ba?	Napansin mo?	Ganito 'yon...
Hindi maganda na ilabas ang mga pangalan ng mga politiko na nangungurakot, <b>sa isang banda</b> , mabuti na ngang nalalaman ng mamamayan ang mga anomalya sa kanilang pamahalaang lokal nang sa gayo'y masuri nila kung sino ang karapat-dapat na iboto.	<ul style="list-style-type: none"><li>• Sa isang banda</li><li>• Sa kabilang dako</li></ul>	Kapag nagbabago ang panig mula sa negatibo patungong positibo, at positibo na magiging negatibo

PANG-UKOL NA GINAGAMIT SA PAGHAHAMBING NG KONSEPTO		
Nabalitaan mo ba?	Napansin mo?	Ganito 'yon...
Hindi magaling mamalakad ang dating Mayor. <b>Samantala</b> , ang pumalit sa kaniya ay napatatakbo nang maayos ang buong siyudad.	<ul style="list-style-type: none"><li>• samantala</li></ul>	Naghahambing ng magkaibang konsepto, bagay, tao o hayop



# ARALIN 1

## LINANGIN

- I. **Panuto:** Basahin ang sanaysay at isulat ang iyong sariling pananaw tungkol sa isyu gamit ang mga pang-ukol na nagbibigay ng pananaw at opinyon.

### NASAAN ANG MGA PANGAKO NA 'YON?

LISETTE I. ONG



Marami ng kuwentong nabasa at narinig tungkol sa mga kabiyak na nabubugbog lalo na kung nalalasing o nalululong sa alak o droga ang kanilang asawang lalaki. Walang awa kung saktan ang noo'y pinangakuan ng wagas na pagmamahal at respeto.

Sa ilalim ng administrasyong Dutuerte ay mas lalong pinalawak ang batas tungkol sa karahasan sa kababaihan. Ito ay ang Republic Act 9262 na naglalahad na ang kababaihan ay dapat pag-ukulan ng pagmamahal at respeto. Batay sa RA 9262, ang sinomang lumabag dito ay may kaukulang kaparusahan. Kahit na ang lipunan natin ay masasabing patriarkal na kung saan ang ama ang siyang haligi ng tahanan ay hindi naman dapat kunsintihin ng batas na magkaroon ng karapatan ang ama na saktan ang kaniyang asawa o maging ang kanilang mga supling dahil labag ito sa karapatang pantao.

## ARALIN 1

---

Ayon naman sa Saligang Batas ng 1987, Artikulo XIII, Seksiyon 14, kinikilala nito ang mahalagang papel ng mga kababaihan sa pagkakaroon ng progreso ng isang estado. Kaya masasabi na pantay-pantay ang karapatan ng mga tao, maging lalaki man o babae.

Sa paniniwala ko, ang pang-aabuso na ginagawa ng isang lalaki ay nagpapakita ng kahinaan. Taliwas ito sa pagiging macho o astig ng isang tunay at responsableng lalaki. Ano nga ba naman ang panama ng babae sa lakas ng isang lalaki? Siyempre, wala. Kaya't masasabi kong duwag lang ang ganitong mga lalaking, babae at mga bata lang ang kayang saktan. Bakit kaya hindi niya subuking humanap ng katapat niya?

Sa tingin ko, kailangang ipagpatuloy ng pamahalaan ang kampanya laban sa karahasan sa kababaihan. Lalo na ngayong tayo'y nahaharap sa pandemya. Malaki ang epekto ng kahirapan at nakakatakot isipin na imbes ibili ng pagkain, hayun inuuna pa ang alak at droga. Kapag wala nang matira, ang kawawang pamilya ang pagbabalingan ng galit at dusa. Ganito na lang ba? Paulit-ulit lang ang siklo ng karahasan, hangga't walang kumikilos para ito'y tuldukan. Sugpuin na.



# ARALIN 1

## RUBRIK SA PAGSULAT NG SARILING PANANAW

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	KATAMTAMAN (3 PUNTOS)	MAHINA (1 PUNTOS)	ISKOR
<b>PAGSASAMA NG IDEYA SA LOOB NG SANAYSAY</b>	Napakahusay dahil maayos ang pagsasama-sama ng lahat ng mga ideya sa loob ng sanaysay.	May kahinaan dahil hindi maayos ang pagsasama-sama ng karamihan sa ideya na nasa loob ng sanaysay.	Kailangang baguhin ang pangungusap dahil hindi maayos ang pagsasama-sama ng ideya sa loob ng sanaysay.	
<b>NAGAMIT ANG MGA PANG-UKOL NA NAGBIBIGAY NG PANANAW O OPINYON</b>	Napakahusay dahil nagamit nang tama ang mga pang-ukol.	May kahinaan dahil hindi nagamit nang tama ang ilan sa mga pang-ukol sa pagbibigay ng opinyon at pananaw.	Walang nagamit na pang-ukol sa pagbibigay ng opinyon at pananaw.	
<b>MAY PANININDIGAN SA NAGING PANANAW AT MALINAW ANG TUNGUHIN KING ITO BA AY SANG-AYON O DI SANG-AYON</b>	Napakahusay dahil maayos na nailahad ang mga pananaw, ang panig kung sang-ayon o di sang-ayon.	May kahinaan dahil bagaman nakapagbigay ng pananaw ay may kalabuan sa tunguhin kung ito ay sang-ayon o di sang-ayon.	Hindi nailahad nang maayos ang pananaw at malabo ang tunguhin kung ito ay sang-ayon o di sang-ayon.	
<b>KABUOAN (15 PUNTOS)</b>				

## ARALIN 1

---

**II. Panuto:** Tukuyin sa Hanay B ang tinutukoy sa Hanay A at isulat sa iyong sagutang papel ang titik ng iyong sagot.

- |   |                          |
|---|--------------------------|
| 1. Layunin ng Sanaysay  | a. Paglalahad            |
| 2. Ama ng Sanaysay  | b. Genoveva E. Matute    |
| 3. Ayon sa kaniya, isang nakasulat na karanasan ng isang sanay sa pagsasalaysay ang sanaysay.   | c. Magpaliwanag          |
| 4. Nagtataglay ng sariling pananaw, paniniwala at kaisipan ng sumusulat ang sanaysay  | d. Pangangatuwiran       |
| 5. Pinakamahalagang bahagi ng isang sanaysay  | e. Ligaya Rubin          |
| 6. Nagpapaliwanag, nagbibigay-katarungan at pakahulugan upang makapagbigay-kaalaman sa mambabasa  | f. Michael Montaigne     |
| 7. Naglalayong maglahad ng mga katuwiran upang palitawin ang mga katotohanan ng isang bagay o pangyayari.   | g. punto-de-vista        |
| 8. Naglalayong ipamalas sa mga mambabasa ang kaanyuan ng isang bagay, tao o pook at ipakita ang mga kaibahan nito sa kaniyang mga kauri o katulad | h. Diksiyonaryo          |
| 9. Para sa kaniya, ang sanaysay ay naglalahad ng mga kontemporaryong usapin at paksain sa nagbabagong mundo.                                      | i. Paglalarawan          |
| 10. Pagtalakay sa isang paksa sa paraang tuluyan at sa malayang paraang naglalantad ng kaisipan, at kuro-kuro ang isang sanaysay                  | j. Alejandro G. Abadilla |

**III. Panuto:** Basahin ang editorial na pinamagatang “Bukas na Liham Para sa mga Pumapatay ng Wika” ng *tapatnews.com* at sumulat ng isang pananaw o opinyon tungkol dito. Gamitin ang mga hudyat sa pagbibigay ng opinyon/pananaw. Isulat ang iyong pananaw sa sagutang papel.

### **BUKAS NA LIHAM PARA SA MGA PUMAPATAY NG WIKA**

Mabuhay!

Kasabay ng aking pagbati ay ang pagkamatay ng aking pagkatao at pagkakakilanlan bilang isang Filipinong nagpapakadalubhasa sa larangan ng Filipinolohiya.

Binanggit sa Wisyo ng Konseptong Filipino ni Bayani Abadilla na mistulang punerarya ng utak ang akademya at ang mga guro ay embalsamador ng talino. Ibig sabihin lamang nito na unti-unting nagiging somnambulistang nilalang ang mag-aaral, tulala at lutang sa mga asignaturang kanilang pinag-aaralan sa loob ng akademya, gayundin nagiging bangkay sila na tinuturuan ng kung ano-anong kemikal nang hindi nila namamalayan.

Sa madaling salita, ang mga mag-aaral ay wala nang kakayahan pang makilala ang kanilang pagkatao, kultura, kasaysayan, at karapatan.

Kasabay ng pagpatay na ito ay pagtirik ng kandila sa mga kaluluwang ligaw at tila ba mga dayuhan sa sarili nilang bansa. Tinatangal ng memorandum na ito ang kaakuhan ng Pilipinas.

Kasabay ng pagpapabansot sa wikang Filipino ay ang pagpapabansot din sa utak ng mga Filipino, hindi sapat na ang asignatura ay limitahan lamang sa elementarya at hay-iskul. Kung tutuusin hindi sapat ang mga kaalaman na itinuturo sa mga antas na ito dahil sa elementarya mula unang baitang hanggang ikaanim na baitang ay nilulunod natin ang mga mag-aaral sa pag-aaral ng bahagi ng pananalita. Wala akong nakikitang mali rito ngunit ano nga ba ang natatandaan ng karamihan? Hindi ba ang panawag pa rin ay sa Ingles? Dahil ito ang unang itinuro sa kanila at ito ang ginagamit na wika ng karamihan?

# ARALIN 1

---

Hindi sapat ang anim na taon para pag-aralan ang tamang pagbabantas, gramatika, paggamit ng “rin” at “din”, “nang” at “ng”, gayundin mas kilala ng mga kabataan ang consonant at vowel kaysa sa patinig at katinig.

Pagdating naman sa hay-iskul, pinalalamon sa mga kabataan ang iba’t ibang akda na sa tingin ko naman ay hindi masama lalo na’t akda ito ng mga taong nakipaglaban sa bansa ngunit aking napansin na umikot ang pag-aaral sa sekondarya sa pagkuha ng mga tauhan, tagpuan at aral (kahit hindi naman moralistiko ang akda) gayundin sa pagbubuod ng mga akda na matagal nang nakabuod.

Hindi naisasapuso ang binabasa dahil iba ang tuon ng pagtuturo, hindi sa pagsusuri ng laman kundi sa paggugutay-gutay ng nilalaman.

Kaya naniniwala ako, sampu ng aking mga kasama na nakikipaglaban sa wika, na ang asignaturang Filipino, panitikan at kasaysayan ay mahalagang ituro sa kolehiyo dahil ito ang may mas malawak na pagtalakay. Hindi ko sinasang-ayunan ang sinasabi nilang pag-uulit ng mga asignatura dahil may kaniya-kaniyang pagkakaiba ang mga ito.

Sa kolehiyo rin nagiging handa ang isipan ng mga kabataan na intindihin, isapuso at mahalin ang sarili nilang pagkakakilanlan at pagkatao. Sa antas na ito rin itinuturo ang pagsasaling-wika na maaaring magamit upang magkaroon ng karunungan bayan mula sa mga sinaliksik ng mga dayuhan kung saan isasalin ang mga ito sa paraang maiintindihan ng mga Filipino, at masusuri niya ito. Nariyan din ang Retorika, Pagsusuri sa Diskurso, Gramatika, Lingguwistika at marami pang iba.

Ang mga asignaturang ito ay may lalim at may dulot sa pagkatao at nagpapabuhay ng diwang makabansa ng isang tao.

Sa inihain ng Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon, lalong nawala ang kalayaan ng isang bansa dahil ang pagtatanggal ng karapatan na aralin at suriin ang sariling wika ay parang pagkitil sa karapatang pantao sa aspektong kultural at espirituwal.



Gayundin, kaakibat nito ang tinatawag na “Cultural Genocide” o pagpatay ng kultura dahil sa pagkawala ng wika na nagbubunsod ng tinatawag na “Alienation” o pagiging deviant ng isang tao sa kaniyang kultura at bansang kinagisanan.

Kasabay ng paninindigang ito ay ang pagsuporta sa libo-libong guro sa Filipino na mawawalan ng trabaho dahil sa pagkawala ng mga nasabing asignatura at pagsuporta sa grupo ng Tanggol Wika. Kami ay nakikipaglaban at naninindigan para sa bayan, wika at panitikan.

**Wika at Bayan Ipaglaban!**

**A Luta Continua!**

Sumasainyo,

PiloSoPaNTasYa

Guro at Malaya.

# ARALIN 1

## RUBRIK SA PAGSULAT NG SARILING PANANAW

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	KATAMTAMAN (3 PUNTOS)	MAHINA (1 PUNTOS)	ISKOR
<b>PAGSASAMA NG IDEYA SA LOOB NG SANAYSAY</b>	Napakahusay dahil maayos ang pagsasama-sama ng lahat ng ideya sa loob ng sanaysay.	May kahinaan dahil hindi maayos ang pagsasama-sama ng karamihan sa ideya na nasa loob ng sanaysay.	Kailangang baguhin ang pangungusap dahil hindi maayos ang pagsasama-sama ng mga ideya sa loob ng sanaysay	
<b>NAGAMIT ANG MGA PANG-UKOL NA NAGBIBIGAY NG PANANAW O OPINYON</b>	Napakahusay dahil nagamit nang tama ang mga pang-ukol.	May kahinaan dahil hindi nagamit nang tama ang ilan sa mga pang-ukol sa pagbibigay ng opinyon at pananaw.	Walang nagamit na pang-ukol sa pagbibigay ng opinyon at pananaw	
<b>MAY PANININDIGAN SA NAGING PANANAW AT MALINAW ANG TUNGUHIN KUNG ITO BA AY SANG-AYON O DI SANG-AYON</b>	Napakahusay dahil maayos na nailahad ang mga pananaw, at ang panig kung sang-ayon o di sang-ayon	May kahinaan dahil bagaman nakapagbigay ng pananaw ay may kalabuan naman sa tunguhin kung ito ay sang-ayon o di sang-ayon	Hindi nailahad nang maayos ang pananaw at malabo ang tunguhin kung ito ay sang-ayon o di sang-ayon	
<b>KABUOAN (15 PUNTOS)</b>				



# ARALIN 1

## ISAGAWA

**Panuto:** Manood ng balita at pumili ng isang isyu na nais mong bigyan ng sariling opinyon o pananaw. Gamitin ang mga hudyat na ginagamit sa pagpapahayag ng sariling opinyon o pananaw. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel. Gamitin ang rubrik bilang gabay sa iyong pagsulat.

### RUBRIK SA PAGSULAT NG SARILING PANANAW

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.


MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	KATAMTAMAN (3 PUNTOS)	MAHINA (1 PUNTOS)	ISKOR
<b>PAGSASAMA NG IDEYA SA LOOB NG SANAYSAY</b>	Napakahusay dahil maayos ang pagsasama-sama ng lahat ng ideya sa loob ng sanaysay	May kahinaan dahil hindi maayos ang pagsasama-sama ng karamihan sa ideya na nasa loob ng sanaysay	Kailangang baguhin ang pangungusap dahil hindi maayos ang pagsasama-sama ng ideya sa loob ng sanaysay	
<b>NAGAMIT ANG MGA PANG-UKOL NA NAGBIBIGAY NG PANANAW O OPINYON</b>	Napakahusay dahil nagamit nang tama ang mga pang-ukol	May kahinaan dahil hindi nagamit nang tama ang ilan sa mga pang-ukol sa pagbibigay ng opinyon at pananaw	Walang nagamit na pang-ukol sa pagbibigay ng opinyon at pananaw	
<b>MAY PANININDIGAN SA NAGING PANANAW AT MALINAW ANG TUNGUHIN KING ITO BA AY SANG-AYON O DI SANG-AYON</b>	Napakahusay dahil maayos na nailahad ang mga pananaw, at ang panig kung sang-ayon o di sang-ayon	May kahinaan dahil bagaman nakapagbigay ng pananaw ay may kalabuan pa rin sa tunguhin kung ito ay sang-ayon o di sang-ayon	Hindi nailahad nang maayos ang pananaw at malabo ang tunguhin kung ito ay sang-ayon o di sang-ayon	
<b>KABUOAN (15 PUNTOS)</b>				



# MGA HUDYAT NG PAGSANG-AYON AT PAGSALUNGAT

Kasabay ng pag-unlad ng teknolohiya ay ang pagbilis ng pagkalat ng impormasyon at komento ng mga tao tungkol sa mga isyung kanilang nababasa. Mayroong mga mabababaw at mayroon din namang mga puna na tila ba talagang binuo upang magbigay ng kabuoang kritisismo sa isyu. Kaya halina't pag-aralan natin ang mga Hudyat sa Pagsang-ayon at Pagsalungat nang sa gayon ay maging mas maayos at maiitindihan ng lahat ang iyong puna kung sakali mang nais mong magbigay ng komento sa isang partikulat na isyu.

Pagkatapos ng aralin, inaasahang kaya mo nang isagawa ang sumusunod:



Nabibigyang-puna ang mga nababasa sa mga social media (pahayagan, TV, Facebook, e-mail at iba pa) (LS1CS/FIL-PB-PPD-JHS-61); at

Naisusulat ang isang sanaysay na naglalahad ng sariling pananaw tungkol sa napapanahong isyu o paksa (LS1CS/FIL-PU-PPE-JHS-25)



## ARALIN 2

# TUKLASIN

**Panuto:** Basahin at unawain ang balita na may pamagat na “**Creative nanay may ‘trabaho’, sari-sari store sa mga anak**” ni Gel Manalo.

### CREATIVE NANAY MAY ‘TRABAHO’, SARI-SARI STORE SA MGA ANAK GEL MANALO



Naging malikhain ang isang ina sa pagbibigay ng aktibidad na puwedeng gawin ng kaniyang mga anak habang pinatutupad ang enhanced community quarantine sa buong Luzon.

Sa Facebook post ni Hycinth Clor de Arta, pinakita niya na nagbukas siya ng mini sari-sari store para malibang ang kaniyang mga tsikiting habang nasa loob ng bahay.

Ibinabayad ng kaniyang anak at iba pang mga bata sa kanilang bahay ang play money na kanilang ‘kinita’ mula sa kanilang pagtatrabaho sa mga gawaing bahay.

Halimbawa, ang pagwawalis ay katumbas ng play money na 200 pesos, habang ang pagtatapon ng basura ay 500 pesos.

## ARALIN 2

---

“Siyempre walang libre ngayon. *You have to teach them how to earn money and how to work to get the things they want.*” sabi pa ni Hycinth.

Siyempre hanggang sa kanilang tindahan ay sinusunod pa rin umano ang *social distancing rule*, at maglalagay ng alcohol.

“Madame po tawag nila sa akin hahaha. Anyway, follow tayo ng rules mga bata para makabili kayo sa store ni mama,” sabi pa ng *uploader*.

Aliw naman dito ang mga netizen at nakakuha na nga ng halos 9,000 *reactions* ang post.

Bago pa man magkaroon ng balita tungkol dito, naging viral ang pangyayaring ito sa iba’t ibang *social media sites* na matatagpuan sa *internet world*.

Kung ikaw ang aking tatanungin, ano ang iyong puna o komento hinggil dito? Ikaw ba ay sang-ayon sa naging estratehiya ni Mommy Hycinth o hindi? Bakit?



## ARALIN 2

# SURIIN

Sa pagbibigay ng puna o opinyon, hindi maiiwasan ang pagsalungat at pagsang-ayon. Bawat isa ay may kani-kaniyang opinyong dapat nating igalang, ito man ay pabor sa atin o hindi.

May mga pahayag na maaari mong magamit upang madali mong masabi ang iyong pagsag-ayon at pagsalungat. Halina't ating pag-aralan ang mga pahayag na ito sa pagbibigay ng puna o opinyon.



Muling balikan ang balita na iyong binasa tungkol sa pagiging malikhain ng isang nanay sa pagtuturo ng pagpapahalaga sa pera at pinagpaguran, gayundin ang mga health protocols dahil sa COVID-19.

Umani ng maraming papuri at batikos ang nag-viral na post na ito. Maraming nagsasabi na tama lamang ito nang sa gayon ay matutuhan ng mga kabataan na pahalagahan ang pera na mayroon sila dahil pinaghirapan nila ito. Mayroon naman mga magulang na hindi nagustuhan ang naging estratehiya, ayon sa kanila hindi na kailangan pang pahirapan ang mga bata kung ito naman ay para sa pagkain.

### PAHAYAG NG PANGSANG-AYON

Ang Pagsang-ayon ay nangangahulugang **pagtanggap**, **pagpayag**, at **pakikiisa** sa isang ideya. Ang mga pahayag na ginagamit sa pagsang-ayon ay kabilang sa **pang-abay na panang-ayon** gaya ng sumusunod:

## ARALIN 2

---

Bilib ako sa iyong sinabi na....	Sige...
Ganoon nga... Kaisa mo ako sa bahaging iyan...	Lubos akong nananalig oo...
Maasahan mo ako riyan...	talagang kailangan...
Iyan din ang palagay ko...	tama ang sinabi mo...
Iyan ay nararapat	tunay nga...
Totoong...	
Sang-ayon ako...	

### PAHAYAG NG PAGSALUNGAT

Ang Pagsalungat ay nangangahulugan ng **pagtangga**, **pagtutol**, at **pagkontra** sa isang ideya. Ang pahayag na ginagamit dito ay kasama sa **pang-abay na panangga** tulad ng sumusunod:

ayaw ko ang pahayag na...	huwag kang...
hindi ako naniniwala riyan...	ikinalulungkot ko...
hindi ako sang-ayon dahil...	maling-mali talaga ang iyong ...
hindi ko matanggap ang iyong sinabi ...	sumasalungat ako sa...
hindi tayo magkasundo...	tama ang sinabi mo...
hindi totoong...	tunay nga...

Ang mga pahayag na nasabi ay madalas makita sa isang posisyong papel.

Ang **posisyong papel** ay isang sulatin na nagpapakita ng pag-sang-ayon o pagsalungat sa isang isyu.



## ARALIN 2

---

MGA HAKBANG SA PAGSULAT NG POSISYONG PAPEL:



**Pumili ng paksa.**

Ito ang magiging sentro ng Posisyong Papel.

**Gumawa ng paunang pananaliksik.**

Alamin kung may mga ebidensiyang sumusuporta sa iyong posisyon.

**Hamunin ang iyong sariling paksa.**

Alamin ang mga umaayaw at pumapabor sa posisyon.

**Ipagpatuloy ang pangongolekta ng mga sumusuportang ebidensiya.**

- Kunin ang opinyon ng mga eksperto at isaalang-alang ang mga personal na karanasan.
- Magbasa ng mga aklat na may kinalaman sa paksa.

**Isulat ang iyong posisyong papel.**

- Ipahayag ang opinyon nang may paninindigan.
- Dapat maipakita na ang iyong posisyon ay tama.



## ARALIN 2

# LINANGIN

I. **Panuto:** Sa tulong ng mga pahayag na ginagamit sa pagbibigay-puna, ibigay ang iyong opinyon sa sumusunod na mga sitwasyon. Isulat ito sa sagutang papel.

1. Ang pagmamahal ay walang pinipiling edad, lugar o panahon. Ito'y hindi kumukupas; walang sino man ang makapagdidikta sa dalawang pusong may pagmamahalan at paninindigan.
2. Ang pamilya ang itinuturing na pundasyon ng lipunan. Nakatutulong ang buong pamilya sa pagkakaroon ng matatag na lipunan. Subalit totoo nga kayang ang ina ang siyang may pangunahing gampanin upang mapanatiling buo ang pamilya?
3. Pakikilahok ng mga kabataan sa mga kilos protesta upang ipaglaban ang isang partikular na isyu.

### RUBRIK SA PAGBIBIGAY NG PUNA

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	KATAMTAMAN (3PUNTOS)	MAHINA (1 PUNTOS)	ISKOR
<b>NAGAMIT ANG MGA HUDYAT NG PAGBIBIGAY NG PANANAW O OPINYON</b>	Napakahusay dahil nagamit nang wasto ang mga hudyat sa pagbibigay ng pananaw at opinyon	May kahinaan dahil nagamit nang tama ang mga hudyat sa pagbibigay ng pananaw at opinyon	Walang ginamit na hudyat sa pagbibigay ng pananaw at opinyon	
<b>MAY PANININDIGAN SA NAGING PANANAW AT MALINAW ANG TUNGUHIN KUNG ITO BA AY SANG-AYON O DI SANG-AYON</b>	Napakahusay dahil maayos na nailahad ang pananaw, at naging malinaw ang panig kung sang-ayon o di sang-ayon	May kahinaan dahil bagaman nakapagbigay ng panig, may kalabuan ang tunguhin kung ito ay sang-ayon o di sang-ayon	Hindi nailahad nang maayos ang panig	
<b>KABUOAN (10 PUNTOS)</b>				

## ARALIN 2

**II. Panuto:** Suriin ang pahayag sa bawat bilang. Ibigay ang iyong puna o posisyon. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Pagdami ng kumakalat na fake news o hindi totoong balita sa social media. Gayundin ang pagdami ng nagpapakalat nito.
2. Kahandaan sa paghanda ng pamahalaan sa pagharap sa nakahahawang sakit na Covid-19.
3. Pagpapatupad ng pangulo ng “War on Drugs” sa Pilipinas.

### RUBRIK SA PAGBIBIGAY NG PUNA

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	KATAMTAMAN (3PUNTOS)	MAHINA (1 PUNTOS)	ISKOR
<b>NAGAMIT ANG MGA HUDYAT NG PAGBIBIGAY NG PANANAW O OPINYON</b>	Napakahusay dahil nagamit nang wasto ang mga hudyat sa pagbibigay ng pananaw at opinyon	May kahinaan dahil nagamit nang tama ang mga hudyat sa pagbibigay ng pananaw at opinyon	Walang ginamit na hudyat sa pagbibigay ng pananaw at opinyon	
<b>MAY PANININDIGAN SA NAGING PANANAW AT MALINAW ANG TUNGUHIN KUNG ITO BA AY SANG-AYON O DI SANG-AYON</b>	Napakahusay dahil maayos na nailahad ang pananaw, at naging malinaw ang panig kung sang-ayon o di sang-ayon	May kahinaan dahil bagaman nakapagbigay ng panig, may kalabuan ang tunguhin kung ito ay sang-ayon o di sang-ayon	Hindi nailahad nang maayos ang panig	
<b>KABUOAN (10 PUNTOS)</b>				



## ARALIN 2

# ISAGAWA

- I. **Panuto:** Basahin ang teskto tungkol sa usaping panliligalig na seksuwal. Sumulat ng isang posisyong papel tungkol dito. Gamitin ang rubrik bilang pamantayan sa pagsulat. Ilagay sa isang malinis na papel ang iyong paninindigan.

### MAGINOO O MEDYO BASTOS?

LISETTE I. ONG

“Ang isang babae ay minamahal at hindi sinasaktan”, isang linya na madalas banggitin ng isang sikat na aktor noong kabataan niya. Ito ay si Robin Padilla na tinagurian ding “bad boy” ng Pelikulang Filipino. Kung siya ay maginoo, eh bakit mayroong mga kalalaking nagsasamantala sa kahinaan ng ilang kababaihan?



Sabi nga ni Catriona Gray, hindi hinihingi ng isang babae na siya ay takutin, gahasain o abusuhin. Wala sa tamang huwisyo ang taong gumagawa ng ganito at kailangan siyang mabigyan ng parusa. Ang mga babae ay hindi dapat gawing “sex object”, na dahil maiksi at sexy ang kaniyang mga damit na sinusuot o siya ay nakikipag-inuman o nakikipaglaro ng bilyar ay may karapatan na ang isang lalaki na siya ay bastusin, saktan o takutin.

Bakit nga ba nagiging suliranin ang seksuwal na panliligalig, o sexual harassment sa Ingles? Babae ba ang dapat sisihin dahil sa kaniyang mapunuksong pananamit o talagang may kahalayan lang ang ibang kalalakan? Ayon sa Wikipedia, ang seksuwal na panliligalig ay isang paraan ng pananakot, paghahari-harian o pamimilit na may katangiang seksuwal. Ito ay isang ilegal na gawain na maaaring magbayad o makulong ang sinumang lalabag.

## ARALIN 2

Sa Estados Unidos sa ilalim ng Equal Employment Opportunity Law, sadyang malaki ang binabayaranang pinsala ng mga tao na lumabag sa kasong ito. Katunayan nga, si Linda Gilbert ay binayaran ng 21 milyong dolyares ng Chrysler Plant sa Detroit dahil lamang sa mga malisyosong larawan at mapanlait na bansag sa kaniya.

Sa Pilipinas sa ilalim ng Labor Code of the Philippines ay may karagdagang pahina ukol ditto. Kasama na sa diskriminasyong seksuwal ang pagsisipol, paghawak sa balikat o puwit, ang pagkuha ng retrato na walang pahintulot at pagtawag ng kartada 10 sa mga may magagandang hubog ng katawan. Paano naman iyong wala? May kaukulang parusa at pagbabayad pinsala ang naitala na dito. Simula na ito ng pagkilala ng pamahalaan sa pantay na karapatan na wala nang kinalaman sa kasarian ng isang tao.

Hindi na uso ngayon na manatiling tikom ang bibig ng isang babae kapag siya ay binabastos o sinasaktan, may mga batas nang ginawa para siya ay maprotektahan. Bilang babae, maging mulat, mapagmatyag, at mag-ingat!

### RUBRIK SA PAGSULAT NG POSISYONG PAPEL

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	KATAMTAMAN (3PUNTOS)	MAHINA (1 PUNTOS)	ISKOR
<b>NAGAMIT ANG MGA HUDYAT NG PAGBIBIGAY NG PANANAW O OPINYON</b>	Napakahusay dahil nagamit nang wasto ang mga hudyat sa pagbibigay ng pananaw at opinyon	May kahinaan dahil nagamit nang tama ang mga hudyat sa pagbibigay ng pananaw at opinyon	Walang ginamit na hudyat sa pagbibigay ng pananaw at opinyon	
<b>MAY PANININDIGAN SA NAGING PANANAW AT MALINAW ANG TUNGUHIN KUNG ITO BA AY SANG-AYON O DI SANG-AYON</b>	Napakahusay dahil maayos na nailahad ang pananaw, at naging malinaw ang panig kung sang-ayon o di sang-ayon	May kahinaan dahil bagaman nakapagbigay ng panig ay may kalabuan pa rin ang tunguhin kung ito ay sang-ayon o di sang-ayon	Hindi nailahad nang maayos ang panig	
<b>KABUOAN (10 PUNTOS)</b>				

## ARALIN 2

II. Panuto: Sumulat ng sanaysay tungkol sa napapanahong isyu mula sa social media at gamitin ang mga pahayag na iyong natutuhan. Gamitin ang rubrik bilang pamantayan sa pagsulat. Isulat sa isang malinis na papel ang iyong posisyong papel.

**Posisyon:** Sang-ayon at sumusuporta/ Hindi Sang-ayon at hindi sumusuporta.

### RUBRIK SA PAGBUO NG SANAYSAY

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	KATAMTAMAN (3PUNTOS)	MAHINA (1 PUNTOS)	ISKOR
<b>NAGAMIT ANG MGA HUDYAT SA PAGBIBIGAY NG PANANAW O OPINYON</b>	Napakahusay dahil nagamit nang wasto ang mga hudyat sa pagbibigay ng pananaw at opinyon	May kahinaan dahil nagamit nang tama ang mga hudyat sa pagbibigay ng pananaw at opinyon	Walang ginamit na hudyat sa pagbibigay ng pananaw at opinyon	
<b>MAY PANININDIGAN SA NAGING PANANAW AT MALINAW ANG TUNGUHIN KUNG ITO BA AY SANG-AYON O DI SANG-AYON</b>	Napakahusay dahil maayos na nailahad ang pananaw, at naging malinaw ang panig kung sang-ayon o di sang-ayon	May kahinaan dahil bagaman nakapagbigay ng panig ay may kalabuan ang tunguhin kung ito ay sang-ayon o di sang-ayon	Hindi nailahad nang maayos ang panig	
<b>KABUOAN (10 PUNTOS)</b>				



# PAGGAMIT NG PANDIWA BILANG AKSIYON, PANGYAYARI, AT KARANASAN

Ang pandiwa ay hindi lamang parte ng wika kundi ng buong pagkatao ng isang tao. Hindi man natin napapansin ngunit ang mga salitang kilos na ating ginagamit ay nakatutulong upang maipaliwanag natin ang ating mga sarili, pinagdaanan, at buhay.

Pagkatapos ng aralin, inaasahang kaya mo nang isagawa ang:



Nagagamit ang salitang kilos o pandiwa sa Pagsasalaysay ng mga personal na karanasan (LSCS/FIL-PS-PPB-BL/MB-19)




## ARALIN 3

# TUKLASIN

**Panuto:** Basahin ang isang salaysay mula sa isang tao na dumanas ng matinding pagsubok sa kaniyang buhay. Pagkatapos, sagutin sa malinis na papel ang mga kasunod na tanong.

### REALIDAD

NANETTE AMONGOL



Masikip, maraming tao, at dikit-dikit ang bahay, diyan ako lumaki at iyan din ang nakagisnan kong kapaligiran. Para sa amin, normal lang ito dahil dito kami ipinanganak at nagkaroon ng pamilya. Ngunit para sa mga bago sa aming lugar ay madalas nila itong katakutan, pati nga minsan sa mga tao, natatakot sila. Bago ko simulan ang aking kuwento, nais ko muna palang magpakilala sa inyo. Ako si Shane, nakatira sa isang lugar sa Maynila, hindi naging madali ang buhay para sa akin at sa pamilya ko kaya naman maaga kong natutuhan ang realidad ng buhay na kung hindi ka magsisipag ay wala kang mapapala. Masakit man isipin na tumigil ako sa pag-aaral ngunit ito lamang ang naisip kong paraan para makapagpatuloy pa ang mga nakababata kong kapatid na umaasa lang din sa akin. Baka ang ilan sa inyo ay magtanong “Nasaan po ang mga magulang niyo?” Maagang kinuha sa amin ang aming mga magulang, ang tatay ko ay dinapuan ng matinding sakit, at ang aking ina naman ay nahagip ng paparating na trak habang naglalako sa kalsada ng basahan.



## ARALIN 3

---

Kaya naman sa edad na dise-otso ay inako ko na ang pagiging ama at ina sa aking dalawang kapatid.

Matagal kong sinisi ang kahirapan sa sitwasyon ko, minsan pa nga ako'y nagalit sa Diyos dahil sa matinding pagsubok na binigay niya sa amin. Ngunit napagtanto ko na kung ako ay magmumukmok lamang sa isang tabi, parepareho kaming magugutom ng mga kapatid ko at hindi sila makapag-aaral. Kaya naman pumasok ako bilang isang helper sa isang kantina malapit sa amin. Ako ang nagluluto, nag-iigib, at naglilinis. Maayos naman ang pasahod ng aking amo, paminsan pa nga ay nakakabale ako para lang may pambaon ang mga kapatid ko na minsan nang umiyak dahil nais nilang pumasok sa klase ngunit wala akong maibigay na baon.

Sagutin ang sumusunod na tanong:

1. Ano sa iyong palagay ang tawag sa mga salitang nasalungguhitan?
2. Ano ang naging reaksiyon mo pagkatapos mong mabasa ang salaysay?



## ARALIN 3

# SURIIN

Ang mga salitang nasalungguhitan sa loob ng sanaysay ay tinatawag na Pandiwa o mga salitang nagpapahahayag ng kilos o galaw. Kadalasan itong ginagamit upang magpakita ng aksiyon o kilos gaya ng *nagluluto*, *nag-iigib* at *naglilinis*, bilang karanasan at emosyon na gaya ng *nagalit* at *umiyak*; at bilang pangyayari gaya ng *nahagip*.

Kadalasang malalaman ang uri ng pandiwa na ginagamit sa isang pahayag kung ito ay sumasagot sa mga tanong na:

**Aksiyon:** Ano ang ginawa?

**Pangyayari:** Ano ang nangyari?

**Karanasan:** Ano ang naging emosyon?

Upang lubos mo pang maunawaan ang ating paksa, halina't pag-aralan natin ang pandiwa.

### **ANO ANG PANDIWA?**

Ito ay mga salitang nagpapakita ng kilos o galaw. Ginagamit ito bilang panlarawan sa aksiyon, karanasan, at pangyayari ng tao o hayop na gumagawa ng aksiyon.

## ARALIN 3

PANDIWA BILANG AKSIYON			
KAHULUGAN	HALIMBAWA		
		PANDIWA	AKTOR
<p>Ginagamit ito bilang aksiyon kapag may tagaganap o <b>aktor ng kilos</b>.</p> <p>Maaaring tao o bagay ang aktor.</p> <p>Mabubuo ang mga pandiwang ito sa tulong ng mga panlaping: <b>-um, mag-, ma-, mang-, maki, mag-an, nag-</b>.</p>	<p><b><u>K</u>umain</b> si Nene ng mainit na puto.</p>	<p><b>Kumain</b> <b>Nagluto</b> <b>Naglaba</b> <b>Nag-igib</b> <b>Umaawit</b></p>	<p>Nene Nanay Ate Bunso Ako</p>
	<p><b><u>N</u>agluto</b> ng hapunan si Nanay.</p>		
	<p><b><u>N</u>aglaba</b> ng maruruming damit si Ate.</p>		
	<p><b><u>N</u>ag-igib</b> ng tubig si bunso.</p>		
	<p><b><u>U</u>maawit</b> ako tuwing umaga.</p>		



### TANDAAN:

Ang aktor na sinasabi sa Pandiwa Bilang Aksiyon ay kung sino ang gumaganap ng kilos. Ginagamit ang mga panlaping **-um, mag-, ma-, mang-, maki, mag-an, nag-** na makikita sa loob ng salitang kilos o pandiwa.

## ARALIN 3

PANDIWA BILANG KARANASAN			
KAHULUGAN	HALIMBAWA		
		PANDIWA	AKTOR
Ginagamit kapag pinangingibabaw ang damdamin ng aktor na siyang gumaganap sa pangungusap.	<b>Umiyak</b> si Ana nang dahil sa pagkamatay ng alaga.	<b>Umiyak</b>	Ana
	<b>Nagalit</b> si Helen dahil nawala ang kaniyang pera.	<b>Nagalit</b>	Helen
	<b>Natuwa</b> si Nene sa regalong natanggap.	<b>Natuwa</b>	Nene
	<b>Nalungkot</b> siya sa pagkawala ni Mingkay.	<b>Nalungkot</b>	Siya
	<b>Nairita</b> siya sa paulit-ulit na palabas.	<b>Nairita</b>	Siya



### TANDAAN:

Ang karanasan na sinasabi sa Pandiwa Bilang Karanasan ay kung ano ang naging emosyon ng aktor sa pangungusap. Ginagamitan ng mga panlapi na **-um, mag-, ma-, mang-, maki, mag-an, nag-** na makikita sa loob ng salitang kilos o pandiwa.

## ARALIN 3

PANDIWA BILANG PANGYAYARI			
KAHULUGAN	HALIMBAWA		
		PANDIWA	PANGYAYARI
<p>Nagpapakita ng aksiyong naganap dahil sa isang pangyayari.</p> <p>Ang kilos ay resulta ng isang pangyayari.</p>	<b>Nahulog</b> siya sa kahoy <b>dahil</b> sa lindol.	<b>Nahulog</b>	dahil sa lindol
	<b>Nalunod</b> siya <b>dahil</b> sa bilis ng agos ng tubig.	<b>Nalunod</b>	dahil sa bilis ng
	<b>Umakyat</b> siya sa bubong <b>dahil</b> sa taas ng tubig-baha.	<b>Umakyat</b>	agos ng tubig
	<b>Umakyat</b> siya sa entablado <b>noong</b> Araw ng Pagtatapos niya.	<b>Nasira</b>	dahil sa taas ng tubig-baha
	<b>Nasira</b> ang buhay ni Coco <b>dahil</b> sa ilegal na droga.		dahil sa ilegal na droga



### TANDAAN:

Ang pangyayari na sinasabi sa Pandiwa Bilang Pangyayari ay nagpapakita ng aksiyong naganap dahil sa isang pangyayari. Ginagamitan ito ng mga panlaping **-um, mag-, ma-, mang-, maki, mag-an, nag-**.



## ARALIN 3

# LINANGIN

- I. **Panuto:** Sa tulong ng paggamit ng pandiwa bilang karanasan, gumawa ng sanaysay na naglalaman ng mga personal na karanasan tulad ng pag-gawa ng isang desisyon na nakaapekto sa iyong buhay. Isulat ang iyong sanaysay sa sagutang papel.

### RUBRIK SA PAGBUO NG SANAYSAY

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	KATAMTAMAN (3 PUNTOS)	MAHINA (1 PUNTOS)	ISKOR
<b>PAGGAMIT NG PANDIWA BILANG KARANASAN</b>	Napakahusay dahil nagamit nang wasto ang pandiwa bilang karanasan.	Mahusay dahil nagamit nang tama ang ilan sa mga pandiwa bilang karanasan	Hindi maayos at malinis ang pagkakalahad ng karanasan sa loob ng sanaysay.	
<b>ORGANISASYON</b>	Napakahusay dahil maayos at malinis ang pagkakalahad ng karanasan sa loob ng sanaysay.	Hindi maayos at malinis ang pagkakalahad ng karanasan sa loob ng sanaysay.	Hindi maayos at malinis ang pagkakalahad ng karanasan sa loob ng sanaysay.	
<b>KABUOAN (10 PUNTOS)</b>				

## ARALIN 3

**II. Panuto:** Gamitin sa pangungusap ang mga pandiwa. Ang mga pangungusap na bubuoin ay base sa iyong karanasan, aksiyon, o pangyayari na nakaapekto sa iyong buhay. Isulat ang iyong sagot sa isang malinis na papel.

1. nagluto (aksiyon)
2. umasa (pangyayari)
3. sumidhi (karanasan)
4. umalis (pangyayari)

### RUBRIK SA PAGBUO NG PANGUNGUSAP

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	KATAMTAMAN (3PUNTOS)	MAHINA (1 PUNTOS)	ISKOR
<b>PAGGAMIT NG MGA IBINIGAY NA SALITA SA PANGUNGUSAP</b>	Napakahusay dahil nagamit nang wasto ang mga ibinigay na pandiwa.	Mahusay dahil nagamit ang pandiwa ngunit hindi angkop sa pangungusap	Hindi kinakitaan ng paggamit ng mga ibinigay na pandiwa.	
<b>ORGANISASYON</b>	Napakahusay dahil maayos at malinis ang pagkakalahad ng karanasan sa loob ng pangungusap	Hindi maayos at malinis ang pagkakalahad ng karanasan sa loob ng pangungusap	Hindi maayos at malinis ang pagkakalahad ng karanasan sa loob ng pangungusap	
<b>KABUOAN (10 PUNTOS)</b>				



## ARALIN 3

# ISAGAWA

**Panuto:** Sumulat ng isang sanaysay tungkol sa pinakahindi mo makakalimutang karanasan. Tiyaking gumamit ng angkop na pandiwa sa iyong pagsasalaysay. Isulat ang iyong sanaysay sa isang malinis na papel.

### RUBRIK SA PAGBUO NG SANAYSAY

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	KATAMTAMAN (3 PUNTOS)	ISKOR
<b>KINAKITAAN NG PAGGAMIT NG PANDIWA BILANG KARANASAN</b>	Napakahusay dahil nagamit at kinakitaan ng paggamit ng pandiwa bilang karanasan	Hindi kinakitaan ng paggamit ng pandiwa bilang karanasan	
<b>MAAYOS AT MALINIS ANG PAGKAKALAHAD NG KARANASAN SA LOOB NG SANAYSAY</b>	Napakahusay dahil maayos at malinis ang pagkakalahad ng karanasan sa loob ng sanaysay	Hindi maayos at malinis ang pagkakalahad ng karanasan sa loob ng sanaysay	
<b>KABUOAN (10 PUNTOS)</b>			





## MODYUL 4

# TANDAAN MO



- Ang **sanaysay** ay pagtalakay sa isang paksa sa paraang tuluyan at sa malayang paraang naglalantad ng kaisipan, kuro-kuro, palagay, at ng kasiyahan ng sumusulat, upang umaliw, magbigay-kaalaman o magturo.
- Ang pang-ukol na ginagamit kapag may sasabihin na pinagmulan ng impormasyon ay ang: **Ayon kay/sa, Batay sa, Para sa, Sang-ayon sa/kay, Ganoon din sa paniniwala, Ganoon din sa pananaw.**
- Ang pang-ukol na ginagamit kapag nagbibigay ng sariling opinyon at walang ibang pinanggalingan ng impormasyon ay ang: **Akala, Pananaw, Paningin, Tingin ko, Palagay ko, Palagay ni...**
- Ang pang-ukol na ginagamit kapag nagpapahiwatig ng pagbabago o pag-iiba ng pananaw ay ang: **Sa kabilang dako, Sa isang banda, Samantala.**
- Ang **Pahayag ng Pagsang-ayon** ay nangangahulugan din ng pagtanggap, pagpayag, pakikiisa, o pakikibagay sa isang pahayag o ideya. Ang **Pahayag ng Pagsalungat** ay nangangahulugan ng pagtangga, pagtaliwas, pagtutol, at pagsalungat sa isang pahayag, o ideya.
- Ang **Posisyong papel** ay isang sanaysay na naglalahad ng pag-sang-ayon o pagsalungat hinggil sa isang usapin.





- Ang **Pandiwa Bilang Aksiyon** ay ginagamit kapag may tagaganap o aktor ng kilos.
- Ang **Pandiwa Bilang Karanasan** ay kadalasang naipahahayag kapag pinangingibabaw ang damdamin ng aktor sa loob ng pangungusap.
- Ang **Pandiwa Bilang Pangyayari** ay nasasalamín sa aksiyong naganap dahil sa isang pangyayari.





## MODYUL 4

# PAGTATAYA

I. **Panuto:** Ibigay ang iyong puna kung sumasang-ayon o sumasalungat ka sa bawat pahayag. Isulat ang iyong katuwiran sa sagutang papel.

1. Ang taong walang isang salita ay walang kredibilidad.
2. Hindi na dapat pang pagkatiwalaan ang taong nagsinungaling na minsan.
3. Kahirapan ang pangunahing dahilan ng karahasan.
4. Hindi uunlad ang buhay ng taong walang edukasyon o hindi nakapag-aral.
5. Magulang ang dapat na sisihin sakaling maligaw ng landas ang anak.

### RUBRIK SA PAGBUO NG KATUWIRAN


Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	KATAMTAMAN (3PUNTOS)	MAHINA (1 PUNTOS)	ISKOR
<b>MAY PANININDIGAN SA NAGING PANANAW AT MALINAW ANG TUNGUHIN KUNG ITO BA AY SANG-AYON O DI SANG-AYON</b>	Napakahusay dahil maayos na nailahad ang mga pananaw, at naging malinaw ang panig kung sang-ayon o di sang-ayon	May kahinaan dahil hindi maayos ang pananaw, at may kalabuan ang tunguhin kung ito ay sang-ayon o di sang-ayon	Hindi nailahad nang maayos ang pananaw at malabo ang tunguhin kung ito ay sang-ayon o di sang-ayon	
<b>ORGANISASYON</b>	Napakahusay dahil maayos ang paglalahad ng mga ideya sa ginawang puna	Mahusay dahil kinakitaan ng diwa ang puna ngunit hindi masyadong malinaw ang ideya	Hindi kinakitaan ng diwa ang puna at hindi malinaw ang ideya	
<b>KABUOAN (10 PUNTOS)</b>				

**II. Panuto:** Gumawa ng isang sanaysay na naglalaman ng iyong sariling puna, opinyon, at pananaw batay sa balitang nasa ibaba. Gamitin ang mga pahayag na ginagamit sa pagpapahayag ng sariling opinyon/pananaw. Isulat ito sa isang malinis na papel.

### **MALINIS NA HUNDRED ISLANDS SA TULONG NG MGA “SCUBASURERO”**

NICEFORO BALBEDINA



Upang mapanatiling malinis ang tubig ng Hundred Islands National Park (HINP), muling nagtulungan ang Department of Environment and Natural Resources at ang lokal na pamahalaan ng Alaminos upang pasinayaan ang ikaapat na “SCUBAsurero” Underwater Clean-up Drive.

Inilunsad noong 2016, ang programang ito na para sa paglilinis ng ilalim ng dagat ay pinapatakbo ng mga “SCUBAsureros” – galing sa dalawang salita na “scuba” at “basurero” – na grupo ng mga scuba divers na tumutulong sa pagkolekta ng mga basura sa ilalim ng mga katubigan sa paligid ng isla.

## MODYUL 4

---

Ang programang SCUBAsurero ay buwanang idinaraos upang masiguro ang konserbasyon, proteksiyon at pagbangon ng Hundred Islands, ayon kay Miguel Sison, tourism officer ng Alaminos City, Pangasinan.

Binubuo ng 30 bihasa at lisensiyadong mga scuba divers na hindi lamang mga taga-Alaminos ngunit pati na rin mga volunteers mula sa iba't ibang ahensiya ng gobyerno at mga pribadong grupo ang samahan ng mga SCUBAsurero.

Ayon kay Mamerto Viray, ang namumuno sa grupo ng SCUBAsureros, upang mapagtibay pa ang nasabing programa at upang maging garbage-free ang Alaminos, ang Hundred Islands Diving Club ay patuloy na naghahanap ng mga non-divers at mga kabataang nais makatanggap ng libreng ensayo.



Bukod dito, hinihikayat din ang mga turista na panatilihin ang kalinisan ng isla sa pamamagitan ng programang “Basura Mo, Iuwi Mo” na magmamando sa mga turista na magbigay ng P200 na isasauli rin sa oras na makabalik sila dala ang kanilang mga basura upang maitapon sa tamang basurahan.

Sa ilalim ng programa, dalawang supot ang ibibigay kada grupong bibisita, isa para sa mga nabubulok at ang isa naman ay para sa mga hindi nabubulok na basura.

Bilang karagdagan, ang mga bisita ay gagawaran ng sertipiko na nagkakaloob ng libreng entrance fee sa dalawang tao at libreng bayad sa kapaligiran sa kanilang susunod na pagbisita sa HINP.

## MODYUL 4

### RUBRIK SA PAGSULAT NG SANAYSAY

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	KATAMTAMAN (3PUNTOS)	MAHINA (1 PUNTOS)	ISKOR
<b>NILALAMAN</b>	Napakahusay dahil nagamit nang wasto ang pang-ukol sa pagbibigay ng opinyon at pananaw sa sanaysay	May kahinaan dahil bagaman natagpuan ang mga pang-ukol na ginagamit sa pagbibigay ng opinyon at pananaw, ang ilan sa mga ito ay hindi nagamit nang tama sa sanaysay	Walang ginamit na pang-ukol sa pagbibigay ng opinyon sa sanaysay	
<b>PANININDIGAN</b>	Napakahusay dahil maayos na nailahad ang pananaw, at naging malinaw ang panig kung sang-ayon o di sang-ayon sa sanaysay	May kahinaan dahil hindi maayos ang pananaw, at may kalabuan ang tunguhin kung ito ay sang-ayon o di sang-ayon sa sanaysay	Hindi nailahad nang maayos ang pananaw at malabo ang tunguhin kung ito ay sang-ayon o di sang-ayon sa sanaysay	
<b>KABUOAN (10 PUNTOS)</b>				

## MODYUL 4

- III. **Panuto:** Sumulat ng isang sanaysay tungkol sa hindi mo makalilimutang karanasan. Gumamit ng angkop na pandiwa sa iyong pagsasalaysay. Pagkatapos nito, ilista ang lahat ng mga pandiwa na iyong ginamit sa sanaysay, ilagay ang uri ng pandiwa, at aktor o pangyayari. Isulat ang iyong sanaysay sa isang malinis na papel.

### RUBRIK SA PAGBUO NG SANAYSAY

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	MAHINA (3 PUNTOS)	ISKOR
<b>KINAKITAAN NG PAGGAMIT NG PANDIWA BILANG KARANASAN, AKSIYON, AT PANGYAYARI</b>	Napakahusay dahil nagamit at kinakitaan ng paggamit ng pandiwa bilang karanasan aksiyon, at pangyayari	Hindi kinakitaan ng paggamit ng pandiwa bilang karanasan	
<b>MAAYOS AT MALINIS ANG PAGKAKALAHAD NG KARANASAN, AKSIYON, AT PANGYAYARI SA LOOB NG SANAYSAY</b>	Napakahusay dahil maayos at malinis ang pagkalahad ng karanasan, aksiyon, at pangyayari	Hindi maayos at malinis ang pagkalahad ng karanasan, aksiyon, at pangyayari sa loob ng sanaysay	
<b>KABUOAN (10 PUNTOS)</b>			

PANDIWA	URI NG PANDIWA	AKTOR/PANGYAYARI

# SUSI SA PAGWAWASTO

---

## SUBUKIN

### GAWAIN I

PAHINA 3

1. Para sa akin, malaking tulong ang Online Barter upang matugunan ang pangangailangan ng ating mga kababayan. Patunay lamang ito na madiskarte ang mga Pinoy.
2. Hindi ko pa naranasang makipag-online barter. Pero, ayon sa naririnig ko, nag-uusap sa text o messenger ang dalawang tao na gustong magpalitan ng mga produkto o anumang bagay. Kapag sila ay nagkasundo, saka sila magkikita o kaya ay ipapadala nila ang kanilang ibabarter.  
(Maaaring magkaroon ng ibang sagot.)

### GAWAIN II

PAHINA 5

1. Batay sa
2. Ayon kay
3. Aking palagay
4. Sa isang banda
5. Samantala

## ARALIN 1: PAGLALAHAD NG SARILING PANANAW/ OPINYON/PANININDIGAN/EMOSYON/MUNGKAHI

### LINANGIN

#### GAWAIN II

PAHINA 20

- |      |       |
|------|-------|
| 1. C | 6. A  |
| 2. F | 7. D  |
| 3. J | 8. I  |
| 4. H | 9. E  |
| 5. G | 10. B |



# SUSI SA PAGWAWASTO

---

## ARALIN 2: PAGBIBIGAY-PUNA O PAGPAPAHAYAG NG OPINYON

### LINANGIN

#### GAWAIN I

PAHINA 32

1. Hindi ako naniniwala sa pahayag na walang piniiling edad, lugar, o panahon ang pagmamahal dahil paano kung napakabata pa ng dalawang nagmamahalan. Posibleng nadadala lamang sila sa bugso ng kanilang damdamin. Para sa akin, ang tunay na pag-ibig ay nasa tamang edad, lugar at panahon. Iyong matatag na ang emosyon at handa nang humarap ang dalawang nagmamahalan sa mga pagsubok na maaari nilang pagdaanan.
2. Tunay nga na ang pamilya ang pundasyon ng lipunan. Talagang mahalaga ang pamilya sa pagkakaroon ng matatag na lipunan. Kung ang isang pamilya ay magulo at watak-watak, magiging magulo rin ang kinabibilangan nitong lipunan. Pero, hindi ako sang-ayon ang ina ang siyang may pangunahing gampanin upang mapanatiling buo ang pamilya. Kapuwa mahalaga at pantay ang papel ng ama at ina sa kanilang tahanan. Magkatuwang dapat sila sa pagpapanatiling buo ng kanilang pamilya.  
(Maaaring magkaroon ng iba-ibang sagot.)

#### GAWAIN II

PAHINA 33

1. Maling-mali talaga ang pagkalat ng fake news o hindi totoong balita sa social media. Inilalayo nito sa totoong impormasyon ang mga tao. Nakakalungkot ang pagdami ng nagpapakalat ng maling balita. Hindi nila ginagamit nang tama ang social media.
2. Lubos akong nanalig sa kahandaan ng pamahalaan sa pagharap sa nakahahawang sakit na Covid-19. Totoong hindi madali ang lahat, subalit hindi sila tumitigil sa paghahanap ng solusyon upang maprotektahan ang mga mamamayan. (Maaaring magkaroon ng ibang sagot.)

# SUSI SA PAGWAWASTO

---

3. Nararapat lamang na ipagpatuloy ng pangulo ang pagpapatupad sa “War on Drugs” sa Pilipinas. Kaisa ako sa hangaring masugpo ang pagkalat ng bawal na droga. Talagang mahirap sugpuin ang problemang ito kaya bilib ako sa hindi pagtigil ng pangulo sa paglaban sa droga. (Maaaring magkaroon ng ibang sagot.)

## **ARALIN 3: PAGGAMIT NG PANDIWA BILANG AKSIYON, PANGYAYARI, AT KARANASAN**

### **LINANGIN**

#### **GAWAIN II**

PAHINA 45

1. Nagluto si Nanay ng almusal.
2. Umasa ang aking kuya dahil pinangakuan siya.
3. Sumidhi ang takot ko sa nakita kong aksidente.
4. Umalis kami sa dati naming tinitirhan dahil sa madalas na pagbaha.

# TALAHULUGAN

---

Balarila		Isang pag-aaral hinggil sa wika. Ito rin ay kilala bilang grammar sa Ingles.
Hudyat		senyales, badya
Konsepto		kabuoang ideya
Pahayag		ekspresyon o mensahe
Talahanayan		sistematikong pagsasaayos ng mga datos na binubuo ng mga hanay.

# SANGGUNIAN

---

Amongol, Nanette. "Realidad". Setyembre 23, 2020. typescript. unpublished

"Barter Community Binuhay ang Bayanihan". Marso 27, 2020. <https://tnt.abante.com.ph/bacolod-barter-community-binuhay-ang-bayanihan/>

"Barter: In o Out?". Setyembre 23, 2020. typescript.unpublished

Ciar, Daisy, Jane. "Ang Pandiwa Aksiyon Pangyayari Karanasan", n.d. [https://www.academia.edu/37064033/Ang\\_pandiwa\\_aksyon\\_pangyayari\\_karanasan?auto=download](https://www.academia.edu/37064033/Ang_pandiwa_aksyon_pangyayari_karanasan?auto=download).

"Malinis na Hundred Islands sa Tulong ng mga SCUBAsurero". Hunyo 3, 2019. <https://tapatnews.com/malinis.na.hundred-island.sa.tulong.ng.scubasureros/>

Manalo, Gel. "Creative Nanay May 'Trabaho', sari-sari store sa mga anak". Marso 23, 2020. <https://tnt.abante.com.ph/creative-nanay-may-trabaho-sari-sari-store-sa-mga-anak/>

Nestor Lontoc et. al. *Pinagyamang Pluma: Filipino Sa Piling Larang (Akademik)*, 2017.

"Paglingon Sa Ugat Ng Komisyon Sa Wikang Filipino". <http://kwf.gov.ph/kasaysayan-at-mandato/>

Sabdao-Nato, Rochelle. "Pagsang-Ayon at Pagsalungat", November 17, 2017 <https://www.slideshare.net/RochelleNato/pagsang-ayon-at-pasalungat>

# SANGGUNIAN

---

Tapatnews.com. “Bukas na Liham Para sa mga Pumapatay ng Wika”. Nobyembre 2018. <https://tapatnews.com/bukas-na-liham-para-sa-komisyon-sa-lalong-mataas-na-edukasyon-sa-korte-suprema-at-wikang-filipino/>

Voltaire, et al. Pagsulat Sa Filipino Sa Piling Larangan (Akademik at Sining), 2016.

*Ang pagbuo at paglimbag ng modyul na ito ay naging posible dahil sa kooperasyon ng Asia Pacific College. Ito ay parte ng proyektong “Better Life for Out-of-School Girls to Fight Against Poverty and Injustice in the Philippines” ng opisina ng UNESCO, Jakarta kasama ang Kagawaran ng Edukasyon. Ang inisyatibong ito ay sinuportahan ng Korea International Cooperation Agency (KOICA) sa pamamagitan ng pagbibigay ng suportang pampinansiyal.*

Para sa mga katanungan, mangyaring makipag-ugnayan sa:

**Kagawaran ng Edukasyon, Bureau of Learning Resources (DepEd BLR)**

Office Address : Ground Floor, Bonifacio Building, DepEd Complex,  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600  
Telefax : +63-2-8631-1072; +63-2-8634-1054; +63-2-8631-4985  
Email Address : blr.qad@deped.gov.ph; blr.lrp@deped.gov.ph